Ang sinumang namatay habang siya ay dumadalangin sa iba pa kay Allāh na isang kaagaw, papasok siya sa Impiyerno

Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng isang pangungusap at nagsabi ako ng isang iba naman. Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Ang sinumang namatay habang siya ay dumadalangin sa iba pa kay Allāh na isang kaagaw, papasok siya sa Impiyerno." Nagsabi ako mismo: "Ang sinumang namatay habang siya ay hindi dumadalangin sa isang kaagaw kay Allāh, papasok siya sa Paraiso."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid sa atin ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagbabaling ng anuman, kabilang sa kinakailangan na maging ukol kay Allāh, sa iba pa sa Kanya, gaya ng pagdalangin sa iba pa kay Allāh (napakataas Siya) o pagpapatulong sa iba pa sa Kanya, at namatay sa gayon, tunay na siya ay kabilang sa mga maninirahan sa Impiyerno. Nagdagdag si `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na ang sinumang namatay habang siya ay hindi nagtatambal kay Allāh ng anuman, tunay na ang kahahantungan niya ay tungo sa Paraiso.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3419